



Online na Pag-enroll ng Bata - Mahalagang Impormasyon para sa Mga Magulang na may Mga Anak na nasa Pangangalaga ng Bata

Ang Department of Education and Early Childhood Development (EECD) ay nagpapatupad ng Online na Pag-enroll ng Bata para sa mga magulang na may mga anak na nasa pangangalaga ng bata – full-time, part-time, bago o pagkatapos ng klase. Pwedeng i-access ang impormasyong ito sa pamamagitan ng Parent Portal, isang secure na online tool. Ang Parent Portal ay isang 'one stop shop' para makipag-ugnayan kayo sa EECD sa kabuuan ng karanasan sa pag-aaral ng inyong anak, simula sa kanyang pag-enroll sa isang lisensyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata hanggang Grade 12. Ang lahat ng kailangan ninyong impormasyon, sa isang lugar.

Ang online na pag-enroll din ang magsisilbing pundasyon ng mas murang bayarin para sa pangangalaga ng bata para sa mga magulang, at gagabayan nito ang mga programa sa pagpopondo at suporta sa New Brunswick sa hinaharap.

Paano Ito Gagana

Magmula rito, ang bawat bata sa New Brunswick na pumapasok sa isang lisensyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata ay kakailanganing irehistro sa pamamagitan ng Parent Portal. Mabibigyang-daan nito ang inyong anak na makatanggap ng New Brunswick Education Number (NBEN). Isa itong natatanging numero na nakatalaga sa bawat batang pumapasok sa lisensyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata o paaralan at mananatili itong nakatalaga sa inyong anak sa kabuuan ng kanyang karanasan sa pag-aaral.

Sisimulan ng inyong provider ng pangangalaga ng bata ang proseso sa online na pag-enroll at papadalan nila kayo ng email na nagkukumpirma ng mga detalye ng inyong kasunduan sa pangangalaga ng bata. Ganito ang mangyayari, bago man ang inyong anak sa pasilidad, o matagal na siyang pumapasok dito. Kapag natanggap ninyo ang email, kakailanganin ninyong gumawa ng account sa Parent Portal at kumpirmahin ang inyong mga kasunduan sa pangangalaga ng bata. Madali at mabilis ito. Kung magpalit man kayo ng pasilidad sa hinaharap, ang bago ninyong provider ng pangangalaga ng bata ang magpapadala sa inyo ng bagong alok sa pag-enroll mula sa kanilang pasilidad.

Ang Inyong Checklist

Kapag natanggap na ninyo ang impormasyon sa pag-enroll mula sa inyong provider ng pangangalaga ng bata, irehistro ninyo ang inyong anak sa pamamagitan ng paglalagay ng kanyang:

- ✓ Pangalan
- ✓ Petsa ng kapanganakan
- ✓ Impormasyon sa Medicare o
- ✓ New Brunswick Education Number (NBEN)*

** Posibleng mayroon na kayo nito kung pumapasok sa paaralan ang inyong anak. Mahahanap ito sa report card ng inyong anak.*

Ang impormasyon ng inyong anak ay ligtas at secure.

Ang Parent Portal ay pinapatakbo at pinapanatili ng EECD. Isa itong secure na site at ang may-ari ng Parent Portal account lang ang makaka-access dito, sa pamamagitan ng kanyang username at password. Ang inyong provider ng pangangalaga ng bata ay magkakaroon lang ng access sa impormasyong nauugnay sa kasunduan sa pag-enroll. Ito ang mga detalyeng napagkasunduan ninyo ng operator, gaya ng bilang ng mga araw na papasok ang inyong anak sa pasilidad at mga kaugnay na bayarin.

Ano pa ang ginagawa ng Parent Portal?

Ang Parent Portal ay may online na directory ng lahat ng lisensyadong operator ng pangangalaga ng bata sa New Brunswick.

Ang Portal ay nagbibigay-daan sa inyo na:

- Maghanap ng mga pasilidad sa inyong komunidad
- Tingnan ang kanilang mga detalye sa pakikipag-ugnayan at mga ulat sa inspeksyon
- Tingnan kung mayroon silang available na espasyo
- Manaliksik at mag-apply para sa mga subsidy sa pangangalaga ng bata

Gustong matuto pa o kailangan ng tulong? Makipag-ugnayan sa amin.

Mangyaring tumawag Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 a.m. hanggang 7:30 p.m. o Sabado mula 9:00 a.m. hanggang 1:00 p.m.

sa **1-888-762-8600** (walang singil ang pag-dial) o mag-email sa amin sa **EECDPortal-PortailEDPE@gnb.ca**